MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO20001283

LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 009 S. 2020

PARA SA : LAHAT NG MGA TANGGAPAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BALIWAG

LAHAT NG MGA ESTABLISYEMENTO SA BAYAN NG BALIWAG

MULA SA : TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

PAKSA : PAGGAMIT NG IAMSAFE WEB APPLICATION

PETSA : IKA-01 NG HULYO 2020

Pagbati! Ang lahat ng mga Tanggapan ng Pamahalaang Bayan ng Baliwag at establisyemento sa Baliwag ay hinihimok na gamitin ang *IAMSAFE web application* (https://iamsafe.baliwag.gov.ph/) para sa mas mabilis na *monitoring* at *data gathering* sa bayan ng Baliwag.

Ito ay bilang pagtugon sa *Republic Act 11332* o *"Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act"*. Isinasaad dito na dapat ipagbigay-alam o i-deklara ang kalagayang pangkalusugan ng bawat taong pumapasok at lumalabas, isang beses o higit pa kada linggo. Dagdag dito, ang pagsusumite ng listahan ng mga panauhin, kliyente at empleyadong pumasok at lumabas para sa mas epektibong proseso ng *contact tracing* sa isang lugar. Layunin ng nasabing batas na maprotektahan ang kalusugan ng mga mamamayan, lalo na sa panahon ngayon ng pandemya at iba pang mga panganib sa pampublikong kalusugan.

Kaya naman ang lokal na pamahalaan ay isinulong ang *IAMSAFE application*, isang uri ng contact tracing platform, na ginawa para sa lahat ng mga Baliwagenyos at hindi mga taga-Baliwag, na bumibisita o nagtatrabaho sa bayan. Nililinaw ng pamahalaan na ang nasabing *application* ay walang bayad at ang lahat ay kinakailangan magkaroon ng sariling *account*.

Sa pamamagitan ng *hi-tech contact tracing*, magkakaroon ng QR Code ang bawat *registered account*, na siyang gagamitin sa pag-record ng pagpasok at paglabas sa mga establisyemento. Maaari itong i-save sa inyong mga *smartphones* sa pamamagitan ng pag-download sa imahe o pag-screenshot nito. Maaari rin naman, subalit hindi obligado, na ipa-print ang ibibigay na QR Code sa PVC card o sa papel.

TÜVRheinland CERTIFIED
Management System ISO 9001:2015
www.tuv.com ID 9108656739

Serbisyong May Malasakit!

Para naman sa mga kawani ng lokal na pamahalaan, kayo ay mahigpit na pinagbabawalan na mag-alok ng printing at lamination ng QR Codes na may bayad.

Para naman sa mga pinuno ng tanggapan o kinatawan nito, maaari kayong mag-request ng *access* sa *IAMSAFE*, sa pamagagitan ng paggawa ng account at pindutin lamang ang *"Request for Organization/Establishment Access"* button. Isang *non-disclosure agreement* ang kailangang lagdaan bilang pagtalima sa *Data Privacy Act.*

Mangyari lamang din na abangan ang *IAMSAFE application* sa inyong Google Play Store At App Store sa mga susunod na linggo para ito ay personal na ma-download sa inyong mga teleponong selular.

Sa ngalan ng Serbisyong May Malasakit,

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

Ref No:_____